**Ang Tagumpay ng isang sistema ay nakabatay sa mga taong magpapatupad nito.**

**<u>HINDI solusyon ang *Federalismo*</u>, ang sumusunod ang higit na MAINAM na mga ALTERNATIBO:**

a) Konstitusyon - **Ipatupad ng buo ang Konstitusyon 1987, na *pro-democracy*, *pro-family*, *pro-life*, *pro-people*, *pro-poor*, *pro-Pilipino*.** Lalong-lalo na ang mga tadhana nito sa *Katarungang Panlipunan*, *Karapatang Pantao*, at *Anti-Dinastyang Pulitikal*. Gayun din ang mga batas na nag-bibigay sa mga manggagawa ng kanilang makatarungan at nararapat na bahagi sa paglago ng ekonomyang pambansa.

b) Mga Institusyon ng Pamahalaan at Maayos na Pamamahala - **HINDI ang sistema, kundi ang mga institusyong gaganap sa pinakamahalagang bahagi sa pagsulong at pag-unlad ng alin mang bansa.** Ito ang kongklusyon ng librong "***Why Nations Fail***", na ayon sa katibayang bunga ng pag-aaral na kinapapalooban ng maraming bansa.

c) Mga Mabuting Tao sa Pamahalaan - **Ihalal at Hirangin sa Pamahalaan ang mga taong tapat, may-kakayahan, may-pagtatalaga ng sarili at makabayan**, yaong susunod at isinasagawa ang mga simulain ng katapatan, pagiging-karapat-dapat, pagiging-bukas-masid, kapapanagutan at kahusayan sa pagganap ng mga tungkulin.

d) Sumunod at Mahigpit na Ipatupad ang Paghahari ng Batas - Ang bansa ay maraming maiinam na batas, subalit marami dito'y hindi naman ipinatutupad.

e) Buong Pagpapatupad ng mga Bagong Takdang Gawain at ng mga Reporma na Nasimulan na - **Ponduhan ang mga Takdang Gawaing ito, sa halip na gastusan ang paglipat sa *Federalismo* at SUGPUIN ang KURAPSYON.**

## Ang isang MABUTING Kristyano ay isang MABUTING mamamayan.

**MAGKA-ISA**. **LUMAHOK** sa mahusay na pamamahala

**TUMULONG** sa PAGPILI at sa PAGSUSUHAY sa mga lingkod pinuno

"***Ang kapangyarihan ay nakapagtitiwali,***
***at ang kapangyarihang lubos ay lubos na nakapagtitiwali.***"
- **Baron *John Emerich Edward Dalbery Acton*, *unang Baron Acton*** (*1834-1902*)

**"*Ang kabuktutang ay mangingibabaw kapag ang mga matitinong tao'y magkikibit-balikat, magmamatyag at maghahalukipkip lamang.*"** - **Edmund Burke**

*Isinalin sa Pilipino ni Juan Makabayan*
*Ika-21 ng Setyembre 2018*

***"At ang balang bibig na binubukalan ng sabing magaling at katotohanan,***
***agad binibiyak at sinisikangan ng kalis ng lalong dustang kamatayan."***
**- *Florante at Laura*, Francisco Balagtas**

"***Ang pulitika'y naghahati, ang pulitika'y pumapatay,***
***at ang pulitika'y nagtatago ng lahat ng mga bagay na kailanma'y di natin malalaman.***"
- *AS A MATTER OF FACT*, Sara Soliven de Guzman, 14 Feb. 2011, Philippine Star

# Kapag mulat ang taumbayan, demokrasya'y buhay

## Ano ang dapat mabatid tungkol sa Chacha/Federalismo?

**<u>Tayo'y Inaatasang Lumahok at Kumilos ng ating Pananampalatayang Kristyano</u>**

***Ang PAGMAMASID*** ay kabatiran at mahusay na pagsusuri ng mga katotohanan. ***Ang PAGHATOL*** ay kaalaman ng mga katotohanan alinsunod sa mga Katuruang Panlipunan ng Simbahan. <u>***Ang PAGKILOS*** ay pagpapasiya at pakikipagsagawa ng mga nararapat isagawa.</u>

***"Walang sinuman ang makapagsasabi, 'wala akong pakialam, kung papaano sila namamahala'… Hindi, Hindi, ako ang may pananagutan SA kanilang pamamahala, at kinakailangang gawin ko ang pina-kamagaling kong magagawa upang sila ay mamahala ng mahusay, at kinakailangan kong gawin ang pinakamagaling kong magagawa sa pamamagitan ng pakikilahok sa pulitika ayon sa aking kakayahan.*** *(Papa Francisco, Sep. 16, 2013)*"

**<u>Mga *Dinastyang Pulitikal* ang dahilan ng *KAHIRAPAN*</u>**

Sa kasalukuyan, 81% ng mga gobernador, 78% ng mga kongresista, and 69% ng mga alkalde sa buong bansa ay kabilang sa mga *dinastyang pulitikal*. Sa *Konstitusyong Federal*, ang mga ***dynast-yang pulitikal*** **ay lalong magiging makapangyarihan upang hawakan ang pulitika at ang ekonomyang lukal.** May "***Katibayang mula sa pagsasaliksik na ang mga* dinastyang pulitikal *ay hindi lamang nauugnay sa kahirapan --- <u>ang mga</u> <u>dinastyang pulitikal</u> <u>ang sanhi ng kahirapan</u>.***" (Batay sa isang pag-aaral na isinagawa pagkatapos ng eleksyon noong 2016 ng *Ateneo Policy Center* ng *Ateneo School of Government*, na pinamumunuan ni dean, Dr. Ronald Mendoza.)

**<u>Higit pang lulubha</u> <u>ang *Graft & Corruption*</u>**

Sa ilalim ng pamamahala ng mga *dinastyang pulitikal*, lubhang **imposible ang maayos na pama-mahala.** Totoong napakahirap papanagutin ang mga *dinastyang pulitikal* at mga *elitistang may lupain* sa kanilang mga desisyon at mga ginagawa sa mga lugar na nasa kanilang kapangyarihan. Ang *kahirapan* at *kurapsyon* ang mga pangunang suliranin ng bansa sa kasalukuyang panahon. "Ang dalawang ito ang naggagatong sa isa't isa, na siyang mga dahilan ng pagkabansot ng pagyabong ng kabuhayan ng mga taong mababa ang kinikita, sila ang nakararami sa mamamayan." *(PHILIPPINE ECONOMIST at 10/29/2015)*

**Lulubha ang mga *private army*, *warlordism*, *political killings* at *karahasan***

Ayon kay dating CJ Hilario Davide, ang mga *private army* at ang *warlordism* ay kapwa maghahari sa ilalim ng *Federalismo*. Pamamalagiin at mamantinahin ng mga *political warlord* ang kanilang *arma-dong goons* o mga *private army* upang *iligpit* ang mga kalaban nila o yaong mga kumokontra sa kanila, at tiyakin ang tuloy-tuloy nilang paghahawak sa kapangyarihan.

**Mapagiiwanan at lalong maghihirap ang mga mahihirap na Rehiyon**

Sa panukalang *porma Federal ng gubyerno* na may 18 rehiyon, **3ng rehiyon lamang** ang may ma-tatag na ekonomyang umuunlad. Sa ilalim nito, ang 15ng mahihirap na Rehiyon o Estado ay mapag-iiwanan at lalo pang maghihirap. *(Pag-aaral ni dating Finance Undersecretary (USEC) Milwida Guevara kakayahang pampananalapi ng mga rehiyon.)*

Ang *Konstitusyong Federal* ay nagmumungkahi ng isang "***equalization fund***" mula sa mga maya-yamang rehiyon upang tulungan ang mga mahihirap na rehiyon. Ang "***equalization fund***", na itinak-da sa 3% ng badyet ng Gubyerno, ayon sa mga eksperto ay hindi sasapat upang tumugon sa suli-raning pampananalapi ng mga mahihirap rehiyong ito.

**Magiging napakalaki, lubhang pinamaga ang Burokrasya**

Ang ating kasalukuyang estraktura ay binubuo ng Pambansa at ng mga Lukal na Pamahalaan, (*ang panlalawigan, ang panlungsod o pambayan, ang pambarangay na yunit ng pamahalaang lukal*). Ang estrakturang *Federal* ay magdadagdag ng isang bagong suson, ang mga ***Pamahalaang Pangre-hiyon***, na ang bawat isa'y may sari-sariling tagapagbatas, tagapagpaganap, hukuman, at buro-krasya. Bunga nito, ***libo-libong mga bagong halal at hirang na katungkulan ang lilikhain***.

**Aabot sa P120ng Bilyon ang halaga ng paglipat sa pormang *gubyerno Federal* ayon sa taya ng National Economic Development Authority (NEDA).** Ang **gastos naman sa pagmamantina ng mga karagdagang tanggapang lilikhain ay tinasahang P80ng Bilyon kada taon**, (ayon kay Prof Rosario Manasan, *Senior Fellow* sa *Philippine Institute of Development Studies*).

Sa kasalukuyan, **hindi sang-ayon sa paglipat sa *gubyernong Federal* ang tatlong (3) pangunahing *economic manager** ni Pangulong Duterte**.

*Finance Secretary Carlos Dominguez, *NEDA Secretary Ernesto Pernia, at *Budget Secretary Benjamin Diokno - *"**ang paglipat sa** **gubyernong Federal** **ay di dapat na madaliin, na ang mga** **economic manager** **ay dapat magsagawa ng isang masusing pag-aaral, lalong-lalo na sa pampa-nanalaping pang-**Federalismo **o desentralisasyon.**"*

Marami sa mga malaking grupong pangnegosyo ang nagsusuhay sa pananaw na ito ng mga *eco-nomic manager* ng bansa sa pagtutol sa paglipat sa *Federalismo*. Ang dagdag na burokrasya ay lalong magpapahirap sa mga mangangalakal at sa taumbayan sa pangkalahatan. **Ang mga negos-yante ay makikitungo** sa higit na maraming ahensiya ng gubyerno **sa apat (4) na suson ng pama-halaan**. *Ang* ***red-tape*** ay lalo pang lulubha. **Ang negosyo at ang taumbayan ay hahantong sa pag-babayad ng higit maraming buwis.**

**Lubhang napakamapanganib ang Pagbabagong-anyo ng Konstitusyon**

Ang ***"kagusutan" ng pagbabago sa pamamagitan ng pagbabatas ay maitutuwid; subali't "ang isang magusot" na paglilipat konstitusyunal ay halos imposibleng lutasin at maaari itong hu-mantong sa pagkawasak ng ating demokrasya.*** Ang rekomendasyon ng mga eksperto para sa mga pamahalaang may gumaganap nang mga sistema demokratiko, ay unahin muna nitong isaalang-alang ang **pagpapabuti at pagsasa-ayos, sa halip na pagpapanibagong-anyo, ng sistema** sapagka't wala pang kaisahan hinggil sa pangingibabaw ng isang *federal* sa isang *unitary system*, at sa kabaligtaran, partikular sa mahabang panahong magiging bunga nito. *(Global Forum on Autonomy and Governance sa Dusit Hotel, Makati City, Oktubre 20-22, 2016.)*

**Pagbabagong-anyo ng Konstitusyon ang paglipat sa *Federalismo***

**Kung di ito umubra, Papaano?** Wala nang pagbabalik kapag naisagawa na ang paglipat sa *Federa-lismo*. *Sa katotohanan,* ***ang Konstitusyon ni Puno ay di nagpapahintulot ng anumang pagbabago sa pagkakabalangkas*-federal *magpakailanman*.**

Sa kasaysayan, kahit na ang pagsubok sa *Gubyerno Federal* ay isang malinaw na kabiguan, wala pang bansang lumipat sa *Gubyernong Federal* ang nakabalik sa dati nitong porma ng gubyerno.

## Ang *Konstitusyong Federal* ay hahantong sa *DIKTADURYA*

Ang paglikha ng ***Transitory Commission*** ay nakatakda sa *Konstitusyong Federal*. Ito'y pamumunuan ng Pangulo, na siyang hihirang sa 10ng iba pang mga bubuo nito. May kapangyarihan ito ng pagbabatas sa pamamagitan ng paggawa ng *decree* sa pagbabalangkas ng mga balak ukol sa pagdaraan sa panahon ng paglilipat tungo sa *gubyernong federal*, ng bawat rehiyong nakipagkai-sang pumailalim sa *gubyernong federal*, at ng mga sangay ng pamahalaan. Taglay nito ang mga ka-pangyarihan ng pagpapaganap ng mga pagsasagawa at ng mga pagpapatupad ng mga balak pang-transisyon. At mayroon din itong mga kapangyarihang panghukuman upang lutasin ang mga hid-waang lulutang mula sa mga balak pang-transisyon. ***Maaaring gampanan ng Pangulo ang mga kapangyarihan ng pagbabatas, pagpapaganap at panghukuman, LAHAT sa kanyang sarili la-mang.*** Ang panahon ng transisyon ay tatagal ng 10ng taon o higit pa. Sa panahong yaon, **ang lahat ng mga kapangyarihang pampamahalaang ay magiging sentralisado sa mga kamay ng Pangulo**. ***Ito'y pamamahala ng iisang tao, malinaw na isang DIKTADURYA.***

**WALANG mga kundisyong-dapat-mauna para sa paglipat sa *Federalismo***

Ayon sa pag-aaral ng *Mababang Kapulungan*, ang mga kundisyong-dapat-mauna para sa isang matagumpay na paglipat sa sistemang *federal*-parlyamentaryo ay ang mga sumusunod - - - ***isang malakas na sistema ng partido pulitikal, isang mapagtitiwalaang sistema ng halalan,*** *at* ***isang malakas na burokrasya***. Sa kasalukuyan, hindi umiiral dito sa Pilipinas ang mga kundisyong ito.

Kapag ang isang bansa na lumipat sa *gubyerno federal*, nang wala ang mga paunang kundisyong nasabi, di ito magtatagumpay at malamang na dumako sa ***diktadura*** at ***malubhang kagipitang pangkabuhayan katulad nang nangyari sa Venezuela, Iraq at Sudan***.

**DI Garantyang Tutugon ang *Federalismo* sa mga Suliranin ng Kahirapan, Di-Pagkakapantay-pantay, at Makupad na Pagsulong ng Ekonomya**